

BOROTOY'S JAMBO JOURNAL

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE 17TH NATIONAL SCOUT JAMBOREE
BOYS SCOUTS OF THE PHILIPPINES

2019 EDITION ISSUE 2 | DECEMBER 03, 2019

SHAPING MINDS

Pagdanganan to scouts: We believe you'll exceed us

by Roger C. Enciso

Scouting is dedicated towards development of the youth especially to become responsible citizens and capable leaders, anchored on the scout oath and law.

These were the exact remarks from Roberto M. Pagdanganan, National President of Boy Scouts of the Philippines (BSP) yesterday said during the Grand Opening Ceremonies of 17th National Scout Jamboree at Camp Kainomayan Botolan, Zambales.

"Naniniwala kami na sa ginagawa ninyo, kayo ay mas magiging magaling na lider balang araw. Mas uunlad pa ang ating dakilang bansa," Pagdanganan said explaining his expectation to the 25,000 scout delegates.

According to him, he believed in the Scout and law and if only everyone will live by it, there's no doubt that the country will become a paradise.

"30 years ago, we were 3.25 million, nagkaron ng konting pagsusubok, bumaba tayo ng 2.6 million pero alam nyo kung ilan na tayo ngayon, 3.1 million, so 20% increase. Sa patuloy na suporta ni Mayor Bing at Governor Jun, naniniwala ako na yung 4 million target sa 2025 siguro sa 2022 magagawa na natin," he added.

Marking what he already said, if Scouting is the answer to our problems in the society, then let's all work hard to support being a symbol of collaboration and coordination to be necessary to achieve our goals.

"With that, we should make sure that Scouting is a venue of proper values education in developing countries," he ended.



PRELUDE FOR BETTER WORLD.
Roberto M. Pagdanganan challenges the Philippine scouts to be the change for us to achieve greater sustainability for the development of everyone. (Photo taken by JUSTER MARC ECHIPARE)

Mea Culpa Mother Earth

Scouts fight for change through mangrove planting

by Krizza B. Dinoso

"To save lives is to save the environment," Pagdanganan reiterated the need for Scouts to plant and nurture trees since it is one of their responsibilities second to the requirements for them to be promoted, recognized as outstanding Scouts and receive merit badges.

True to this call, scouts are set to plant 10,000 mangroves along coastal areas of Zambales on December 2, 2019.

In an interview with Ramon Magsaysay Council Chairman, Ramon Lacbain II in his Live Broadcast of the program Usapang Jamboree, the BSP President Roberto Pagdanganan points out that the solution to climate change is to plant the targeted 5 Million trees which started last October 1, 2019 in connection to the BSP flagship programs.

Pagdanganan further discussed the 3-flagship programs of the BSP which covers Tree Planting, Road Safety and Membership Growth which promotes visibility as BSP members increased by 20% from 2.6 million to 3.1 million and still targets to increase up to 4 million members by 2025.

BOROTOY'S GOAL DECEMBER 03, 2019

TIME	ACTIVITY
0500-0700	Wake Up/Wash Up/Morning Routine Religious Services/ Camp Inspection
0700-1200	FOUR Jamboree Thematic Villages *Special Adults in Scouting Module*
1200-1300	Friendship and Camaraderie LUNCH
1300-1700	FOUR Jamboree Thematic Villages *Special Adults in Scouting Module*
1700-1800	Senior Scout Advancement & Merit Badge Center
1800-1900	FELLOWSHIP DINNER & SUB-CAMP LIFE
1900-2300	Grand Vizayas Cultural Night Exhibition
2300 H	TAPS/ LIGHTS OUT/ SILENCE

Botolan LGU implements liquor ban

by Krizza B. Dinoso

Aiming to ensure the safety of the 17th National Jamboree, the Local Government Unit of Botolan placed

the entire municipality under liquor ban from Dec. 1-7, 2019.


Upon motion of Atty. Edmund Dante D. Perez, Amor B. Caasi and approved by all the members during the regular session of the Sangguniang Bayan Members, the said implementation was passed last Oct. 15,


2019.

The Municipal Ordinance No. 14-2019 that prohibits the sale and drinking of liquor.

Moreover, the ordinance stipulates that violators will be penalized, 500 pesos for the first offense, 1,500 pesos for the third offense and 2500 pesos for the third offense.

The implementation of the said ordinance is in cooperation with the Philippine National Police of Botolan.





BSP, TAGAPAGPATULUY NG KULTURANG PILIPINO

Isa sa mga dakilang tungkulin ng isang lider ang mabigyang buhay ang mga kaugalian, paniniwala at gawi na siyang repleksiyon ng kung anong klaseng pamumuno ang mayroon siya sa kanyang nasasakupan.

Higit sa lahat, ang kultura sa Pilipinas ang siyang nagsisilbing basehan ng mga panukala, patakaran at batas kaugnay sa mga gawain at aktibidad na isinasagawa sa iskawting, maging sa kabuuan ng Boy Scouts of the Philippines (BSP). Ang pagpapatuloy ng mga kaugalian ang bumuo at humubog sa kamalayan ng pamumuno. Sa pamamagitan ng pagkamulat sa makulay at makabuluhang tradisyon, nalilinig ang pagiging iskawt, isang indibidwal na tumatahak sa landas ng pagiging lider. Tunay na masasabing ang pamumuno ay isang representasyon ng walang katapusang pagbuhay at pagpapalaganap sa kulturang mayroon ang isang lugar.

Bilang patunay, ang 17th National Scout Jamboree ay iniugnay rin sa kulturang Pilipino ang ilang mga aktibidad at kompetisyon na lalahukan ng iba't ibang rehiyon at sub-camp na may kani-kaniyang kulturang nagpapakilala sa kanilang lugar. Ang street

dance competition kung saan naglalayong ipamalas sa bawat iskawt ang masaya at makulay na piyesta at pagtatanghal mula sa iba't-ibang panig Pilipinas ay isa sa mga pinakamalalaking paraan para maipamalas ito. Nariyan rin ang mga palarong pinoy tulad ng sikat na palosebo, tumbang preso, patintero, agawan buko, agawan biik, kadang-kadang, siyato, luksong baka, at iba pa para muling maipakilala sa mga kabataan sa makabagong panahon. Sa mga larong ito, hindi lang kasiyahan ang makakamtan, maging mga aral at kaugalian tulad ng pagkakaisa, pagtutulungan, kapatiran at kahandaan na siya namang masasabing mga matitibay na pundasyon na bumubuo sa isang produktibong iskawt.

Nakasalalay sa isang epektibong lider ang pagapatuloy ng isang kultura. Dito pumapasok ang kahalagahan ng BSP, ang tulay na siyang maghahatid at magpapasa ng kulturang pinoy mula sa isang henerasyon patungo sa kasunod nito, pinaprepara ang kasaysayan, pinalalawak ang kaisipan ng kabataan sa kung anong uri ng pamamaraan ang nagbibigkis sa nakaraan upang itawid ang kasaysayan para sa kinabukasan.

Med team, agad na binigyang lunas ang 17 iskawts

by Marielle Castrence / Juvy C. Deliquina

Tinatayang 17 iskawts ang nilapatan ng paunang lunas sa pagsisimula ng 17th National Scout Jamboree, Dis. 1.

Ayon sa panayam kay Edson Evangelista, RN, umabot na sa labimpito ang naitalang kaso ng mga iskawt na nakaranas ng pagkahilo dahil sa init. Aktibo naman ang bawat miyembro ng Medical Team na nagbabantay 24 oras. Kabilang na sa kanilang ginagawa ay ang pagtsek sa vital signs at pagbibigay ng agarang lunas sa bawat pasyenteng kanilang natatanggagap.

"Last week, maraming prepreparation na ang ginawa ng aming team, umatend kami sa mga meeting and orientation. Nandito din kami noong ginanap ang Camp Pagsusubok kaya alam na rin namin ang gagawin and trained na rin kami." ani Evangelista.

Mabilis naman ang pag aksiyon ng Medical Team sa tumataas na bilang ng casualties.

Samantla, nagpakalat rin ng mga ambulansya sa iba't ibang bahagi ng kampo para mapabilis ang pagbibigay lunas sakaling may mangailangan nito. Ang naturang ambulansya ay mula sa San Marcelino District Hospital, Provincial Health Office at Red Cross.

"Magiging maayos ang lahat hanggang sa matapos ang event na ito." Paniguro ni Evangelista.

Si Andrei Sa KAMP KAINOMAYAN



BUNTAG



BATAYEN

...talaga nga namang ang bawat isa ay anupa't mga kumikinang na hibla ng pisi at sinulid na hinabi upang maging makulay na kasaysayang tatahi sa mayabong na kapalarang nitong bayan. Ito ang siyang mithiin ng iskawting.

Ito ang kwento ng dalawang Andrei Iskawts na mula sa magkaibang pulo ng Pilipinas at ngayon ay pinaghabi ang kwento ng mga mamamahayag mula sa Boroto's Journal na naging instrumento sa pagbuo ng isang pagkakaibigang wala pa man ay matatawag na na matibay na samahan dahil ang pundasyon ay ang mga batas ng Iskawts na kanilang isinasabuhay. Sa higit na dalawanpu't limang libong taong nagsama-sama sa isa sa pinakamalaking pagtitipon ng bansa, ang 17th National Scout Jamboree, talaga nga namang ang bawat isa ay anupa't mga kumikinang na hibla ng pisi at sinulid na hinabi upang maging makulay na kasaysayang tatahi sa mayabong na kapalarang nitong bayan. Ito ang siyang mithiin ng iskawting.

SI ANDREI, ANG ISKAWT TIPID NG ZAMBOANGA

by Gellen R. Enap

Ang Boy Scout ay matipid. Iyan ang isa sa mga katangiang dapat taglayin ng isang iskawt. Hindi man kalakihan ang laman ng kaniyang bulsa, tuloy pa rin at hindi natinag ang kagustuhang makadalo sa 17th National Scout Jamboree.

Ito ay pinatunayan ng isang batang Iskawt na si Andrei Buntag, 13 taong gulang, mula sa Zamboanga City, ang lugar na kilalang daungan ng mga bulaklak ay bumiyaheng pa dala ang halimuyak ng ugaling pagiging matipid. Sa halagang limang daang piso, "Kuntento na ako sa, dahil kahit hindi ko man mabili lahat, mag-i-enjoy naman ako" may pagmamalaking saad niya. Sa murang edad, nahuhubog na ang kaniyang isipan sa kahalagahan ng tamang paggasta. Nais niyang pagkasyahin ang limangdaang salapi sa pamamagitan ng pagbili ng souvenirs bilang pasalubong sa mga kapatid na naiwan sa Zamboanga. "Gusto ko mang bumili ng slide (carabao' head) pero sa tingin ko, maubusan ako ng pera at baka wala na akong pambili ng pagkain" aniya, sapagkat hindi na siya naghahangad ng anumang kagamitan para sa kaniyang sarili mapunan lamang ang pangunahin niyang pangangailangan. Isang Iskawt na hindi maluho, simple at marunong mag-impok.

Sa murang isip ay siyang hinog naman ng kaniyang kaalaman sa importansiya ng pera sa buhay ng bawat iskawt na huhulma sa kaniya upang mas lalo pang pahalagahan ang bawat pilak na galing sa pawis at pagod ng kaniyang mga magulang.

"Iminulat kasi ako ng magulang ko na kung ano 'yong meron 'yon lang' pahayag niya, pinalaki siya ng kaniyang magulang na kung ano lang ang mayroon dapat nang pagtiyagaan dahil ayon sa kaniya "hindi araw - araw may pera ang pamilya kaya

ANDREI turn to page 3



OROTOY'S Editorial Board

Consultant: BSP National Council / David Dominic Lanuza / Maria Domatela Domatela Mora / Majalia Dolan-Dolan Dial / Emily D. Mayor

Editor in Chief: Jayson J. Nalicat / Ginalyn F. Edpalin
News Editor: Krizza B. Dinosa / Jeff Aaron D. Reytomas / Juvy C. Deliquina / Jethro Ray A. Ticong
Feature Editor: Marc Jay R. Duque / John Spencer D. Arlega
Layout Artist: Angela Kristine Q. Cabal / Randell Echon / Emmanuel F. Pangilinan
Writers: Roger Encino / Fatima Edra / Juster Marc Echipare / Andrei F. Pangilinan / Ara Joy Baluyot / Dan Reyven Mendigorin / Gellen Enap / Lee John Ng / Janesa Joy Dullas / Hannah Lee Gernale / Ryan Cabusao / Jhonley Paul Quilalang / Rachel Loreign D. Panes / Marielle Castrence / Joseph Clyde Famularcano / Irish Jan Cabalar / Juliana Marie Macaalay



“Wala naman (pagkakaiba) dahil same belief pa rin naman kahit Christian or Muslim.”
-KASTEDE HASHIM P. DIUDA

ISKAWTING SA MATA NG ISANG MUSLIM

by John Spencer Arlega

SA KABILA NG PAGKAKAIBA-IBA ay patuloy na naniniwala si Hashim Diuda na sa iskawting ay nagiging patas ang bawat isa. (SPENCER ARLEGA)

“Irespect mo yung kanilang religion, yung beliefs nila (kristiyano) magkakasundo-sundo naman kayo at magkakaintindihan gaya ng ginawa namin dito (BSP Jamboree)” – Kastede Hashim P. Diuda ng Tagum City, Mindanao.

Malawak ang pananaw ng batang si Hashim, 14 na taong gulang, sa mga kaganapang nangyayari sa kanilang bayan, ang tanging lugar kung saan namulat ang kanyang kaisipan tungkol sa buhay lalo na sa pagkakaiba-iba ng pananaw na humahati sa pagkakaisa na sana ay bumibigkis sa lahat ng mga taga-Mindanao.

Siya ay isa lamang sa 5 Boy scouts mula sa Kagan o Kalagan Muslim Tribe ng Tagum City, Mindanao, na lumahok sa 17th Nat'l Scout Jamboree.

“Ang sabi po kasi ng papa ko ay masaya daw po dito sa Luzon. Ito rin po ang

pinakamalayo kong Jamboree na na-avail,” pagkikwento niya habang bakas sa kanyang mukha ang kagalakan.

Tila hindi hadlang ang relihiyon upang maging payapa at maligaya ang kanyang karanasan bilang iskawt sa kabila na puro kristiyano ang kanyang mga kasamahan. “Wala naman (pagkakaiba) dahil same belief pa rin naman kahit Christian or Muslim” paglilinao niya tungkol sa samahang nabubuo sa kanilang camp.

Pagkakaisa ang isa sa mga layunin ng pagkakaroon ng BSP Jamboree at maging ang mga aktibidad kaugnay nito ay isinusulong rin ang naturang kaugalian. Tulad ng pananaw sa buhay ni Hashim, bawat isa sa atin ay magkakaiba subalit pasasaan ba't magtatagpo ang kahit na magkabilang dulo, at sa panahong ito, ito'y posible dahil sa BSP Jamboree na walang ibang hangad kundi ka-handaan, kapatiran at maging kapayapaan.

Sub-camps commence ceremonial campfire activity

by Jeff Reytomas, Dan Mendegorin, Lee John Ng

In order to ignite the spirit of scouts, subcamps from one to six celebrated the sub-camp campfire that featured the talents and camaraderie of the delegates in their respective campsite areas, December 1.

“Pag may campfire diba, maiinject yung spirit nitong scouting sa mga bata,” stressed out by Council Scout Executive (CSE) Allan Geoffrey Dona, Sta. Rosa, Laguna Council.

Scouters performed skits, yell and songs in five minutes that are anchored to the theme “Saving Lives” and justified the names of their sub camps as Sub-Camp 1- Makadiyos, Sub-Camp 2- Makatao, Sub-Camp 3- Makakalikasan, Sub-Camp 4 - Makabansa, Sub-Camp 5- Laging handa and Sub-Camp 6- Mt. Pinatubo.

“Sa campfire expected ko na iyong socialization at masha-showcase iyong mga different cultures ng iba't ibang lugar or councils,” asserted by Celine Catangui, scouter of Camarines Sur Council.

Meanwhile in Sub-Camp 6, performers for the Grand Campfire were already selected in the simulation activity held last November 21-22.

The subcamp campfire were commenced right after the camp chief's reception night at Camp Kainomayan and concluded at around 2200.

The winners in the different performances will represent their subcamps in the grand campfire to be held on December 6.

ANDREI from page 2

tipid – tipid lang muna”. Isa siyang magandang modelo para sa mga iskawt sapagkat sa pagbiyahe pa lamang niya ng higit 1500 kilometrong mula sa Mindanao ay nakitaan na siya ng pagtitipid sa pamamagitan ng pagba-baon ng makakain sa halip na maya't mayang pagbili sa mga tindahan na lalong magpapalaki ng kanyang gastusin. Tunay ngang isa siyang iskawt, sa isip, sa salita at sa gawa.

“SI DREI-MASAYAHIN”

by Spencer Arlega

Agaw pansin siya kung magagawi ka sa kanilang Campsite. Hindi mo mapipigil ang iyong sarili na magtaka at mag-isip tungkol sa kanya. Sino ba naman ang hindi? Sa kabila kasi ng matinding sikat ng tirik na araw, naroon siya, tagaktak ang pawis na wari'y buong araw na nagbubungkal ng lupa habang pinangungunahan ang kanyang mga kasamahang iskawts. Putikan ang damit, tanda ng hindi niya pag-inda sa duming maari niyang matamo sa pag-aasikaso ng kanilang lugar. Higit sa lahat ng ito, isang bagay ang talagang nakakapukaw ng paningin, ang kanyang ngiti. Ang ngiting walang bakas ng hirap at pagod, ang ngiti na tunay na pahiwatig ng pagiging isang iskawt.



Iskawters, ginagamit ang mga salitang ito tuwing nagpapahayag ng ekspresyon.

Awte!

Ang salitang ito ay nagpapahayag ng masidhing damdamin.

Ase/Alwa!

Ang ibig sabihin nito sa Tagalog ay hindi.

Awo/Awo Bay!

Ang salitang ito ay Nagpapahayag ng pagsang-ayon. Sa Tagalog ay “oo nga.”

“A scout is cheerful”, ito ang isa sa mga Scout Laws na isinasabuhay ni Andrei John Batayen, o mas kilalang “Drei” ng kanyang mga kasamahang Boy Scouts. Mula siya sa Bacolod City- Bacolod Council na kilala rin sa bansag na “City of Smiles”. Bukod sa 17th Nat'l Scout Jamboree, kinatawanan na rin ni Drei ang kanilang lugar sa ASEAN Scout Jamboree.

“Mayroon kaming Maskara Festival, yung maskara is always naka-smile”, tugon niya kung anong maipakikita ng isang taga Bacolod sa iba pang iskawters mula sa ibang panig ng bansa na dumalo sa BSP Jamboree.

“Hindi ko naman nirerecognize na kalaban sila, basta mag-eeenjoy lang tayo”, nakangiting pahayag nito bilang mensahe sa iba pang iskawters.

Sa pagtatapos ng aming pag-uusap, napagtanto ko na si “Drei” ang isa sa mga simbolo ng kabuuan ng mga taga Bacolod. Hindi lang isang iskawt na proud sa kaniyang mayamang kultura, kundi isa ring lider na may positibong disposisyon na nakukuha pang ngumiti sa gitna ng kapaguran, isang senyales ng pagkakaroon ng epektibong pamumuno, laging nakahahapan ng rason para maging maligaya sa kabila ng mga pag-subok na ibabato ng buhay.

Nag-iisang Romblon Iskawt, nakilahok sa BSP Jamboree.

Ganap nang sinimulan ni Rey Joseph Fuentes, 11 taong gulang ng Balatucan Elem. School, Loooc District-Romblon Council ang kanyang isang linggong karanasan bilang iskawt sa 17th National Scout Jamboree sa Camp Kainomayan, Botolan, Zambales.

Kasama ni Fuentes ang kanyang Adult Leader na si Gng. Cleofe M. Galindo na nanghikayat sa batang iskawt para ituloy ang pakikiisa sa BSP Jamboree sa kabila ng banta ng bagyong "Tisoy."

Ayon sa Adult Leader, kasaysayan ang pagsali ng kanyang mag-aaral dahil ito ang unang pagkakataon na iisa lamang ang lumahok mula sa kanilang probinsya sa naturang programa ng BSP.

"Gusto ko po talagang maexperience ang National Camping", pagsasaad ni Fuentes ng tanungin ang rason ng pagsali sa Jamboree. | **SPENCER ARLEGA**

Camaraderie, pinatatag sa Camp Chief's Night

Nakatagpo ng mga bagong kai-bigan ang mga council executives na dumalo sa naganap na Camp Chief's Night sa Camp Kainomayan, San Juan, Botolan, Zambales, Dis. 1.

Dinaluhan ng mga executives mula sa 120 Local Councils ang Camp Chief's Night kung saan nakibahagi rin sa kasiyahan si Governor Hermogenes E. Ebdane, Jr habang naghandog naman ng mga pagtatanghal ang Pundaquit Virtuosi mula sa Casa San Miguel at ang Bing Maniquiz Band.

Ayon kay Mayor Bing, marami pang mga nakahandang programa kabilang ang mga fellowship kasama ang iba't ibang mga council executives at sub camp programs para sa mga iskawters sa susunod pang mga araw.

"In-organize ang Camp Chief's Night para sa camaraderie at mas maging close 'yong mga council executives, makapahinga, makapagrelax, makapag – unwind and at the same time, makita nila ang hospitality ng host." pahayag ni Mayor Maniquiz

| **MARC JAY R. DUQUE / JOSEPH CLYDE FAMILARCANO**



PATRIOTIC seems to be the depiction of the Igorot tribe as they proudly displays their unwavering love on their treasured way of living. (Photo taken by JAYSON NALICAT)

DISPLAY OF UNIQUE FILIPINO TRADITION

Jambo parade caps culture-centered scouts

by **Roger C. Enciso**

Ethnicity will never be left behind as the 17th National Scout Jamboree lauded its significance through featuring traditional attires inline to the Opening Ceremonies at Camp kainomayan Botolan, Zambales yesterday.

Comprising ethnic groups from northernmost and southernmost part of the country, Scouters wear their tribe outfits as an alternative to the usual Boy Scout uniform.

"Nakakabilib kasi na-highlight ng Jamboree yung mga hindi gaanong na fe-feature which is

very good. Sa pagkakataong ito, sila naman ang dapat ang maging bida sa buong Pilipinas," Maria Domitela Mora , Head of Provincial Tourism Office said in an interview.

Mora also said that if this program will continue, we can achieve equality, equal opportunity and discrimination-free society.

Meanwhile, the said parade was registered as the largest All-Filipino Boys Scout participated Jamboree in the Philippines having more than 25,000 delegation.

Jambo market tampok sa 17th NSJ

by **Jethro Ticong**

Opisyal nang nagbukas ang hile-hilerang stalls ng Jambo Market na siyang tampok rin sa 17th National Scout Jamboree noong Disyembre 1, 2019.

Ang nasabing pamilihan ay binubuo ng mga stall na may sukat na 3x3 meters bawat isa at nahahati sa tatlong bahagi, ang wet at dry at food hub section na may kaukulang upa mula

2,500-3,000.

Tampok rin sa nasabing pamilihan ang iba't ibang produktong gawa sa Zambales bilang mga pangunahing pasalubong ayon sa Botolan Tourism Head, Majalia Dolandolan-Dial.

Layon nitong mapalapit ang pamilihan sa campsite nang sa gayon ay hindi mahirapan pang-pumunta sa mga malalayong tindahan para lang bumili ng

mga pagkain at inumin tuwing nauubusan sila sa kanilang kampo.

Kaugnay nito, tiniyak naman ng kawani katuwang ang mga manlalako na ligtas at malinis ang bawat produktong iniaalok ng nasabing pamilihan.

Ebdane: Remember who you meet

by **Jethro Ticong**

Governor, Hermogenes E. Ebdane Jr, told everyone on the significance of camaraderie of each and every scouts, during the grand opening program of the 17th National Scout Jamboree, Camp Kainomayan, Botolan Zambales.

"Whenever we are gathering like this, remember the word "networking" - Gov. Ebdane, highlighted the importance of creating new circle of friends thru exposing themselves in a way they would be able to socialize

with them as a fresh start of friendship.

He also added, "We seem to forget them when we set apart. Never forget take note their names, contact numbers and address." A national encampment like this, as a rare opportunity, can be a lifetime moment of allowing themselves get to know a lot of people across the boundaries of the camp – across the different regions of the Philippines.



TIME	ACTIVITY
0500-0700	Wake Up/Wash Up/Morning Routine Religious Services/ Camp Inspection
0700-1200	FOUR Jamboree Thematic Villages *Special Adults in Scouting Module*
1200-1300	Friendship and Camaraderie LUNCH
1300-1700	FOUR Jamboree Thematic Villages *Special Adults in Scouting Module*
1700-1800	Senior Scout Advancement & Merit Badge Center
1800-1900	FELLOWSHIP DINNER & SUB- CAMP LIFE
1900-2000	Film Showing
2000-2300	Grand Mindanao Cultural Night Recital
2300 H	TAPS/ LIGHTS OUT/ SILENCE